Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon VI-KanlurangVisayas
SANGAY NG CAPIZ
Banica, Roxas City

Ika-14 ng Nobyembre, 2017

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg 304, s. 2017

PANSANGAY NA PALIGSAHAN SA ISPELING:IISPEL MO!

Sa Mga: Katuwang na Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID
Tagamasid Pampurok
Punong-guro sa Elementarya

1. Ang Sangay ng Capiz ay magsasagawa ng Pansangay na Paligsahan sa Ispeling: IIspel Mo! na gaganapin sa Division Multi-Purpose Hall sa Nobyembre 17, 2017, 9:00 ng umaga.

2. Layunin ng paligsahang ito ang mga sumusunod:
   a. patuloy na maitaguyod ang paligsahang lilinang sa kakayahan ng mga mag-aaral tungo sa pagpapataas ng antas ng kalidad ng Wikang Filipino;
   b. malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong espeling ng mga salitang sumusunod sa bagong ortograpiyang pambansa ; at
   c. malawakang mapalaganap ang mga napapanahong kaalaman sa wikang Filipino

3. Ang mga kalahok sa paligsahang ito ay mga mag-aaral na nasa Baitang 6 mula sa 18 distrito. Isang kalahok lamang bawat distrito.

4. Inaasahang dadalo sa gawaing nabanggit ang PandistritongTagapag-ugnay sa Filipino, tagapagsanay at mga mag-aaral na lalahok sa paligsahan.

5. Ang pamasahe at pagkain ng mga dadalo na may kaugnayan sa paligsahan ay kukunin sa pondong local/MOOE na sasailalim sa wastong pagtutuos.

6. Kalakip ng Memorandum na ito ay ang Pamantayan ng Paligsahan para sa inyong patnubay.

7. Inaasahan ang maaga at malawakang pagpapabatid ng memorandum na ito.

MIGUEL MAC D. APOSIN, Ed.D., CESO V
PansangaynaTagapamanihala ng mgaPaaralan

PAMANTAYAN NG PALIGSAHAN

DESKRIPSIYON NG PALIGSAHAN

1. Ang paligsahan ay pansangay at tatawaging **Ilspel Mo!**.
2. Ang paligsahan ay bukas para sa mag-aaral sa Ikaanim na Baitang (Grade 6) sa antas Elementarya ng mga paaralang publiko .
3. Magkakaloob ang Sangay ng medalya, sertipiko, papremyong cash para sa mananalo.
4. Pangangasiwaan ng Kapisanan ng mga Guro sa Filipino (PASAGFIL) ang isa sa gawang paligsahan.

PARAAN NG PALIGSAHAN

A. Klasipikasyon

1. Isang (1) kalahok sa bawat distrito ang pinapayagang maging kinatawan para sa Pansangay na paligsahan
2. Taglay ang sumusunod:

   2.1 nasa Ikaanim na Baitang (Grade 6) at may mabuting katayuan sa paaralan na pinatutunayan ng kaniyang principal;
   2.2 nakahand ang sumunod sa mga panuntunan at patakaran ng paligsahan.
   2.3 magdala ng illustration board at yeso para gamitin sa paligsahan.

KRAYTERYA SA PAGHATOL

1. Ang PASAGFIL ang maghahanda ng mga salitang gagamitin sa paligsahan; sa sangguniinang Ortograpiyang Pambansa (OP). Ang UP DIKSIYONARYONG FILIPINO ang magiging pangunahing batayan ng mga salitang gagamitin sa paligsahan.

2. Babasahin ng Ispeling Master ang pangungusap na kinapaloloban ng salitang babaybayin. Pagkatapos ng pangalawang pagbasa, ibibigay ang hudyat upang simulan ang pagsulat ng mga kalahok.

3. Ang puntos at bilang ng aytem na babaybayin ay gaya ng sumusunod:

MADALI	-	5aytem X 2 points
KATAMTAMAN	-	5 aytem X 3 points
MAHIRAP	-	5aytem X 5 points

4. Ang mag-aaral ay bibigyan ng pitong (7) Segundo upang maisulat ang kaniyang sagot sa illustration board gamitang yeso.
5. Ang magkakamit ng pinakamataas na puntos ang tatanghaling Pansangay na Kampeon ng Ilspel Mo!
6. Sa sandaling magkaroon ng patas na puntos, may nakalaang tanong na magiging clincher. Ang tie breaker ay isasagawa batay sa sumusunod:
   6.1. Maglalaan ng tatlong tanong na paglalabanan ng may patas na puntos; Ang makakukuha nang mas mataas na puntos ang siyang makakukuha ng puwestong pinaglalabanan.
   6.2. Sa sandaling maging patas muli ang kanilang puntos; magkakaroon ng *knock-out round.*
7. Ang hatol ng inampalan ay pinal at hindi na mababago.

MGA KOMITE

Ispeling Master: Gng. Catherine Diaz
Tagahudyat: G. NoeBebita

Proctor: Gng. Gemma Deseo
Dr. RodaTolores
Gng. Francisca Pinos
Gng Abadessa Sabordo
Gng. Anita Villasis
Gng. ChonaJavedra

Tagabilang: Gng. Lourdes Oropio
G. Benny Blancaver
Gng. Lanie Albania
Gng. Lenie Andrada

Rehistrasyon: Gng. Zonora Ledesma
Gng. Nida Glomo
Gng. Marissa Olilang

Minindal: G. Benny Blancaver
G. Ferdinand Legaspi
Gng. Leonisa Inalao
Gng. Teresita Diocena

Hurado:
Gng. Catherine Diaz